Si Luisa at

Ang Puno ng Mangga

Isinusulat ni: James Carlo Cadayona

© 2026 jmscarl Pinch Story for Kids. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang mga ilustrasyon ay nilikha gamit ang Microsoft Copilot (AI-assisted).

© 2026 jmscarl Pinch Story for Kids.
Lahat ng karapatan ay nakalaan.

Ang aklat na ito ay isang orihinal na akdang piksyon. Lahat ng tauhan, pangalan, pangyayari, at tagpuan ay bunga ng imahinasyon ng may-akda o ginamit sa kathang-isip na paraan. Anumang pagkakahawig sa tunay na tao, buhay man o pumanaw, o sa mga tunay na pangyayari ay hindi sinasadya at nagkataon lamang.

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin, i-reproduce, i-scan, i-record, ipamahagi, o gamitin sa anumang anyo o paraan—elektroniko man, mekanikal, digital, o iba pa—nang walang paunang nakasulat na pahintulot mula sa may-akda.

Mga Ilustrasyon:
Ang mga ilustrasyon sa aklat na ito ay nilikha gamit ang Microsoft Copilot (AI-Assisted).

Lahat ng karapatan ay nakalaan.

Ang Pinch Story ay itinatag noong Marso 20, 2026 ni James Carlo Cadayona. Sa simula, ito ay isang simpleng konsepto ng nobela na nakatuon sa pagbuo ng mga kuwento at karakter. Sa paglipas ng panahon, ito ay unti-unting nagbago at naging isang serye ng mga kuwentong pambata na nakasentro sa imahinasyon, pagkakaibigan, at mga aral sa pang-araw-araw na buhay para sa mga batang mambabasa.

Dahil sa pagbabagong ito, ang proyekto ay lumipat mula sa tradisyunal na paraan ng pagsasalaysay patungo sa mas malikhain at mas madaling unawain na estilo ng pagkukuwento. Layunin nitong gawing mas simple at mas malinaw ang mga kuwento upang madaling maunawaan ng mga batang mambabasa, habang nananatiling makabuluhan at puno ng damdamin ang mga tema.

Sa patuloy na pag-unlad nito, ang Pinch Story ay lumawak pa at naging isang mas malawak na proyektong pampanitikan na sumasaklaw sa iba't ibang anyo ng akdang pambata. Kabilang dito ang mga picture book, maiikling kuwento, pang-edukasyong salaysay, at mga malikhaing ilustradong kuwento.

Sa bawat akda, binibigyang-diin ang balanse ng payak na wika at makulay na imahinasyon upang gawing mas masaya, madaling maunawaan, at makabuluhan ang pagbabasa para sa mga batang mambabasa.

Dedikasyon

Iniaalay ko ang aklat na ito sa lahat ng mga batang may pangarap at patuloy na naniniwala na ang maliliit na hakbang ay maaaring magdulot ng malalaking pagbabago.

Para sa aking pamilya, na aking lakas at inspirasyon sa bawat hakbang ng aking paglalakbay.

At para sa mga mambabasa, nawa'y magsilbing gabay ang kuwentong ito sa pagpapahalaga sa pagtitiyaga, kabutihan, at pagkakaibigan.

Isang araw, naninirahan sina Luisa at ang kanyang pamilya malapit sa isang gubat.

Si Luisa ay nagtanim ng puno ng mangga para may makain sila at maibenta sa palengke.

Habang naghihintay na tumubo ang kanyang tanim, masaya siyang naglalaro kasama ang kanyang kaibigan na si Luningning.

Habang sila ay naglalaro, napansin nila na unti-unting tumutubo ang maliit na puno ng mangga. Laking tuwa ni Luisa nang makita ito.

“Luisa, kapag namunga na iyan, bigyan mo ako ng mangga, ha?” sabi ni Luningning.
“Sige, Luningning. Walang problema,” sagot ni Luisa nang nakangiti.

Lumipas ang ilang araw, at biglang lumaki ang puno ng mangga at namunga ito ng marami.
“Papa! Mama! May mangga na po tayo!” masayang sigaw ni Luisa. Lumabas ang kanyang pamilya at sabay-sabay nilang inani ang bunga.

Dumating si Luningning at sinabi, “Luisa, diba sabi mo, bibigyan mo ako ng mangga?”

"Oo, Luningning. May iniwan talaga ako para sa'yo," sagot ni Luisa habang iniaabot ang mangga sa kanya.

Pagsapit ng gabi, umuwi ang pamilya ni Luisa na masaya kahit maliit lang ang kinita nila sa pagbebenta ng mangga.

Nagdasal si Luisa sa kanyang kwarto, nagpapasalamat sa biyayang natanggap nila.

Kinabukasan, dumating pa ang mas maraming biyaya sa kanilang pamilya. Lumago ang kanilang kabuhayan at mas naging maayos ang kanilang pamumuhay.

"Ang masaganang nagbibigay ay lalo pang yayaman;
at ang nagpapasigla sa iba ay siya ring papasiglahin."
— Kawikaan 11:25

TUNGKOL SA MAY-AKDA

James Carlo Hilla Cadayona, na kilala sa kanyang pen name na J. C. Cadayona, ay ipinanganak noong Disyembre 4, 2007 sa Purok 5, Maquilao, Tangub City, Misamis Occidental, Pilipinas. Siya ay isang Pilipinong nagtapos ng senior high school at isang umuusbong na manunulat na ang mga akda ay sumasalamin sa kanyang mga personal na karanasan at obserbasyon sa pang-araw-araw na buhay sa kanilang komunidad.

Pinagbabalanse niya ang personal na pag-unlad at malikhaing pagsisikap kasabay ng malalim na hilig sa panitikan at pagkukuwento. Ang kanyang pagsusulat ay sumasaklaw sa iba't ibang genre, kabilang ang values education, fiction, nonfiction, horror, tragedy, at comedy, na nagbibigay-daan sa kanya upang tuklasin ang damdamin ng tao, pananaw ng kultura, at mga realidad sa lipunan. Marami sa kanyang mga kuwento ay hango sa mga tunay na pangyayari sa buhay, na kanyang binabago at ginagawang salaysay na may dalang makabuluhang aral at pagninilay.

Siya rin ang lumikha ng Pinch Story, isang patuloy na umuunlad na proyekto ng panitikang pambata na nakatuon sa imahinasyon, pagkakaibigan, at mga simpleng aral sa buhay sa pamamagitan ng madaling unawain na pagkukuwento at malikhaing biswal. Ang kanyang inspirasyon ay nagmumula sa mga e-book na manunulat at mga pag-aaral tungkol sa pag-uugali ng tao at kultura, na humuhubog sa kanyang paraan ng pagsulat na nakatuon sa mga relatable na karanasan. Bagama't nasa maagang yugto pa lamang ng kanyang paglalakbay sa panitikan, patuloy niyang pinauunlad ang kanyang kakayahan sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pagsusulat at malikhaing eksplorasyon, na may layuning makalikha ng mga kuwentong kumokonekta sa mga mambabasa at sumasalamin sa magkakaparehong karanasan ng tao.

Sa isang tahimik na lugar malapit sa gubat, naninirahan ang batang si Luisa kasama ang kanyang pamilya. Isang araw, nagtanim siya ng puno ng mangga na may dalang pangarap na makatulong sa kanilang kabuhayan.

Habang hinihintay niyang lumaki ito, natutunan niya ang kahalagahan ng pagtitiyaga, pagkakaibigan, pagbabahagi, at pananalig sa Diyos. Kasama ang kanyang kaibigang si Luningning, naranasan ni Luisa ang mga simpleng saya ng buhay sa baryo.

Habang lumalaki ang puno ng mangga, unti-unti ring lumalago ang kanilang pag-asa at biyaya.
Isang makabagbag-damdaming kwento ng pag-asa, kabutihan, at pananampalataya.

© 2026 jmscarl Pinch Story for Kids. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang mga ilustrasyon ay nilikha gamit ang Microsoft Copilot (AI-assisted).